# PANANAMPALATAYA

Pero kinakailangan n'yong gamitin ang pananampalataya sa Diyos, para paganahin ito. Kita n'yo? Kaya mayroon kang sariling pagkabuhay na mag-uli sa loob mo. Nariyan ang pagkabuhay na mag-uli mo sa loob mo, sa espiritu mo.

2 Ngayon, alam n'yo, noong si Jesus ay mamatay sa krus, "ang Kanyang kaluluwa ay bumaba sa impyerno at nangaral sa mga kaluluwa na nasa bilangguan, na mga suwail sa pagpapahinuhod sa mga araw ni Noe." Ang katawan Niya'y napunta roon sa libingan. Pero, bago Siya namatay, Kanyang itinagubilin ang Kanyang espiritu sa mga kamay ng Diyos. Sa kamay . . . "Sa Iyong mga kamay ay inihahabilin Ko ang Aking Espiritu." Kaya, kita n'yo, ang Espiritu Niya'y nagtungo roon sa Diyos; ang Kanyang kaluluwa ay nagtungo sa impyerno; ang Kanyang katawan ay napunta sa libingan.

3 Ngayon, 'yung Espiritu na 'yun na nasa Kanya ay ang Espiritu ng Diyos. "Ang Espiritu na 'yun, sa iba't ibang panahon at iba't ibang paraan, ay pinahiran ang mga propeta, para dalhin ang Mensahe sa mga tao; na sa huling mga araw, ay sa pamamagitan ni Cristo; at ngayon, sa mga araw na ito rito, ay sa pamamagitan ng Ebanghelyo." Ngayon, noong tanggapin natin si Cristo sa loob ng ating puso, 'yan ang lahat ng kailangan natin mismo. May Buhay na Walang Hanggan.

4 Ngayon, hindi makakabalik noon si Cristo hanggang sa lumipas muna ang tatlong araw. Dahil, ang Kanyang Espiritu ay nasa likod ng tabing, na parang harang, na parang *ganito*, na hindi Siya makatawid sa harang na 'yun, dahil binigkas mismo ng Salita ng Diyos, na, "Siya'y mahihimlay sa libingan nang tatlong araw at tatlong gabi." Ngayon, hindi nga Siya makababalik hanggang sa ang tatlong araw at gabi'y lumipas muna. Pagkatapos na ang tatlong araw at gabi'y lumipas na, ang Kanyang Espiritu'y pinakawalan. Nagtungo Yun mismo sa Kanyang kaluluwa, at bumalik ang Kanyang kaluluwa at kinuha ang katawan, at tinupad ang bagay na sinabi Niya, "May kapangyarihan Ako na ihimlay ang Aking buhay. May kapangyarihan Ako para ibangon ito muli. May kapangyarihan ako."

5 Ngayon, bawat isa sa inyo'y may kapangyarihan, sa ganoon ding paraan, bahil kayo'y mga anak na lalaki't mga anak na babae ng Diyos. Ang siyang Espiritu na nasa inyo, sa umagang ito, ang Espiritu Santo na 'yun na nasa inyo sa umagang ito, haya't ang siya ring Espiritu Santo na 'yun ang magbabangon sa inyo. Kaya, may kapangyarihan kayo para ibangon ang inyong sarili.

6 Kapag kayo'y mamatay, ang espiritu n'yo ay tutungo sa—sa. . .ilalim ng dambana ng Diyos, hindi sa. . .mismong Presensya ng Diyos. Ngayon, ang espiritu n'yo ay tutungo sa Diyos, pero hindi kayo maaaring bumalik. Alalahanin n'yo, sa Biblia, ang sabi Nito'y ang espiritu. . . "Ang mga kaluluwa sa ilalim ng dambana, ay umiiyak, 'Panginoon, gaanong katagal, gaanong katagal?'" At hindi nga sila makababalik hanggang sa ang Mga Kasulatan ay matupad, at, kagaya ni Cristo, hindi makababalik hanggang sa ang Mga Kasulatan ay matupad. Pagkatapos, matapos mismo, na ang lahat ay matapos na, lahat ng pagdurusa ay matapos na, at ang mga kapatid na 'yun ay nagdusa ng siya ring bagay, o tayo'y nagdusa ng siya ring pagdurusa nila, at iba pa; pagkatapos, sa araw na 'yun, malalaman mo mismo kung saan ka nakalibing, ang iyong espiritu'y kakawala mula sa Diyos at dadako roon sa kaluluwa.

7 Ngayon, ang kaluluwa ang bahagi mo na nakakaalam at nakakaunawa, ang iyong katalinuhan. Naalala n'yo ba 'yung pangitain na nagkaroon ako hindi pa katagalan, o 'yung munting pagsasaling-dako, na dumako ako roon sa lugar na 'yun at nakita ang mga taong 'yun? [Sinasabi ng kongregasyon, "Amen."—Pat.] Ngayon, ang espiritu n'yo ay babalik sa katawan na 'yan, at ang—ang uri ng katawan na 'yun, ang kaluluwa, na isang katawan na hindi kailangang kumain o ano pa. "Kung ang tabernakulong ito na ukol sa lupa'y masira na, mayroon tayong isa na naghihintay na," isang selestiyal na katawan. At sa espiritu na 'yun, at ang kaluluwa na 'yun at selestiyal na katawan, ibabangon mo uli ang natural na katawan na ito para sa dakilang Milenyum. Kita n'yo? Taglay n'yo ang kapangyarihan na 'yan sa inyo ngayon, para gawin 'yan, ngayon, pero 'yang kapangyarihan na 'yan na nasa inyo ngayon ay may kakayahan na gumawa ng bagong mundo. Ang Diyos nga'y walang mumunti't, mahihinang bahagi, at pagkatapos may malalaki't, bigating mga bahagi na makapangyarihan, mangyari nga na ang pinaka munti mang daiti ng Diyos ay makapangyarihan sa lahat, kita n'yo, munti mang daiti.

8 Kaya, alam n'yo, heto po na sinisikap ko na dalhin kayo sa pananampalataya ngayon, alam n'yo 'yan na may bagay na nangyari sa inyo, bilang isang Cristiano. Alam n'yo ba 'yun? [Sinasabi ng kongregasyon, "Amen."—Pat.] Dati-rati'y sumasadalak kayo *rito* sa putikan, na balot na balot ng putik at kasalanan, at pag-iinom ng alak, at pagsusugal, at—at mga bagay ng sanlibutan. Buweno, noong manampalataya kayo mismo na pinatawad na ni Cristo ang inyong mga pagkakasala, umahon kayo mula sa mga bagay na 'yan. Ngayon kayo nga'y pumapaitaas kayo *rito*, kita n'yo, sa ibabaw ng lahat ng ito. Bakit? Dahil naniniwala nga kayo na kayo'y isang Cristiano na. Pagkatapos noong tanggapin n'yo si Cristo, at ang Espiritu Santo'y dumako sa inyo, hayan nga na may

pananampalataya na kayo sa Espiritu Santo, na nagkakaloob sa inyo ng kapangyarihan para pumaitaas sa uri ng buhay na 'yan ng pagkakasala.

9 Buweno, ngayon, ang tanging bagay na dapat n'yong gawin, ay ang pumaitaas mismo patungo sa kagalingan, magkaroon lamang ng mas maigting pa na pananampalataya, sadya—sadya ngang palitawin ito. Kita n'yo? At hayan nga kayo. Ngayon kung kayo'y may sakit, at hindi pa kayo Cristiano, maging Cristiano kayo ngayon, nang sa gayon ang kapangyarihan ng kagalingan ay dumako sa inyo, sa pagiging isang Cristiano. At magbubunsod 'yan sa inyo ng pananampalataya para pumaitaas sa ibabaw ng kasalanan. Magbubunsod ito sa inyo ng pananampalataya. At lahat ng kailangan n'yo, sa paglalakbay na ito, ay nariyan na sa inyo ngayon. At ang tanging bagay na kailangan n'yong gawin ay magkaroon ng pananampalataya sa Diyos, na magpapalantad nung mabubuting bagay na 'yun mula sa inyo, na nasa inyo, sa pamamagitan ng Espiritu Santo. Nauunawaan n'yo na ba nang malinaw ngayon? Nakukuha n'yo ba?

10 Sa tingin ko nga sinabi sa akin ni Billy, kagabi, tinawagan ako't ang sabi, "Pumarito ka, sa umagang ito, para sa isang tao mismo, na iniisip na magdadaos tayo ng mga gawain sa sanlinggong ito, tungkol dun sa Pitong Tatak." At dala nila ang isang batang may sakit, sa tingin ko. At kung nandito ka ngayon, ginoo, alalahanin mo, hindi ka maaaring. . . Ang iyong—iyong pananampalataya ang dapat na umiral para sa batang ito, kung ito'y—ito'y isang munting, batang sanggol.

11 Sige't ngayon hayaan n'yo akong kumuha ng isa muling Kasulatan, kung ayos lang, pansumandali. [Sinasabi ni Kapatid na Neville, "Sige lang, Kapatid. Amen."—Pat.]

12 Alalahanin n'yo, ngayon, sa Mga Ebanghelyo, nabasa natin dun sa ika-16 na kabanata, sa palagay ko, ng Mga Gawa, kung saan sina Pablo at Silas ay nabilanggo isang gabi. At sila'y hinagupit dahil nagpalayas sila ng diyablo mula sa isang batang babae na manghuhula-ng-kapalaran. At mangyari nga. . . At, ang batang babae, ang mga amo nito'y nagalit dahil dun. At hinagupit sila, ibinilanggo sa kaloob-loobang piitan. At pagkatapos nung magawa na nila 'yun, habang si Pablo at Silas ay nananalangin, haya't ang Diyos ay nagpadala ng isang lindol at niyanig mismo ang bilangguan para masira.

13 Ang tagapagbilanggong taga-Filipos, yamang isang senturyon, anupa't, kung matakasan siya ng kanyang—kanyang mga bilanggo, ang sariling buhay nga niya ang magiging kapalit para sa mga bilanggong 'yun. Hinugot niya ang sarili niyang tabak at magpapakamatay na sana, noong tumakbo si Pablo papalapit at nagsabi, "Huwag mong saktan ang sarili mo. Nandito kaming lahat."

14 At ang senturyon na ito'y may, sabihin natin, na may impresyon na siya tungkol kina Pablo't sila. Sila marahil ay umaawit-awit dun ng mga himno. Sila marahil ay nagpapatotoo, o may bagay na ginagawang ganoon. Pero, anuman 'yun, alam nila na ang mga ito'y banal na mga kalalakihan. Alam nila na may kung anong bagay na kakaiba sa mga kalalakihan na ito. Dahil, agad-agad, ang sabi niya, "Ano bang kinakailangan ko para maligtas? Anong kinakailangan ko para maligtas?"

15 Ngayon, ang sabi ni Pablo, "Manampalataya ka sa Panginoong Jesus Cristo, at ikaw at ang iyong sambahayan ay maliligtas."

16 Buweno, ngayon, kung ang pagsampalataya sa Panginoong Jesus Cristo. . .Hindi ibig sabihin nun na ang kaligtasan nung *lalaki* ang magliligtas sa sambahayan. Pero kung ang lalaki nga'y may sapat na pananampalataya mismo sa Diyos para sa sarili niyang kaligtasan, maaari niyang taglayin ang siya ring pananampalataya na 'yun para sa kanyang sambahayan. At ang kanyang sambahayan ay kinakailangang lumapit din, kita n'yo, siya ring bagay.

17 Katulad ng ginawa noon ni Job, gaya ng nabanggit ko nung isang gabi, doon sa Georgia, sa isang pagtitipon. Sabi ko, "si Job, ang sabi niya, 'Ngayon, hindi ko alam kung ang mga anak ko'y nagkasala, pero ano kaya kung sila'y nagkasala?'" At may isang bagay na dapat gawin si Job, para maging matuwid, 'yun ay, ang mag-alay ng susunuging handog. Sinabi niya na mag-aalay siya ng susunuging handog, na kung ang mga anak niya'y nagkasala, sila'y patatawarin sa kanilang pagkakasala. At napaka inam na bagay 'yan na gawin ng tatay na 'yun. Isa 'yang tatay na mabuti ang iniisip. Kailangan natin ng marami pang ganyan na klaseng mga tatay sa panahon ngayon. At si Job ay nag-alay nga ng sinunog na handog. Yun nga'y bago tumama ang trahedya na sumapit sa kanya.

18 Anupa't noong mamatay lahat ang kanyang mga anak, at lahat ng kanyang mga tupa'y mawasak, at lahat ng mayroon siya'y, kinuha, nakaupo nga siya noon sa ibabaw ng bunton ng abo sa likod ng kanyang bahay, na kinakayod ang kanyang sarili gamit ang kapirasong palayok.

19 Napansin n'yo ba, matapos ang mga araw ng trahedya na sumapit sa kanya, noong simulang ipanumbalik siya ng Diyos muli? Mangyari nga na may sampung libong baka siya, at iba pa, haya't pinanauli ng Diyos 'yun nang doble. At dinoble ang kanyang mga tupa, at dinoble ang lahat. Pero napansin n'yo ba? Haya't ibinalik ng Diyos kay Job ang pito niyang mga anak. Naisip n'yo ba kung saan sila naroon? Ang sinunog na handog na 'yun ay tumindig para sa kanila. Sila'y naligtas, sa Kaluwalhatian, na hinihintay siya na dumating. Siya'y kasama nila ngayon. "Ikaw at ang sambahayan mo ay maliligtas." Kita

n'yo? Ngayon, may isang bagay lang na gagawin si Job, para maging matuwid, 'yun ay ang mag-alay ng susunuging handog.

20 May isang bagay lang kayo na gagawin, para maging matuwid, 'yan ay, manampalataya sa Diyos. Dahil, sa pamamagitan ng pananampalataya ay kayo'y naligtas, sa pamamagitan ng pananampalataya ay kayo'y pinagaling, sa pamamagitan ng pananampalataya ay inyong nakuha ang lahat ng mayroon kayo. Kita n'yo? Sa pamamagitan nga ng pananampalataya, na sinasampalatayanan n'yo ito. Ngayon, "Sampalatayanan n'yo ang Panginoong Jesus Cristo, at ikaw at ang iyong sambahayan ay maliligtas."

21 Ngayon, ginoo, kung dala mo ang sanggol dito para maipanalangin, sumampalataya ka, ikaw mismo. Narito ako para ilagay ang pananampalataya ko kalakip ang iyo, at tayo'y sasampalataya, na magkasama, na pagagalingin ng Diyos ang sanggol na ito.

22 Kita n'yo, mayroon tayo nitong kapangyarihan na 'yan para gawin 'yan. Nariyan sa inyo ang kapangyarihan para gawin 'yan. Bawat Cristiano'y kamit ang kapangyarihan para gawin ito. Pero ngayon kung tayo'y makakadako . . . Ang kapangyarihan na 'yan ay kinokontrol ng isang batas.

23 Gaya ng lagi ko nang sinasabi, ito'y parang grabitasyon na kinokontrol ang tubig, dahil 'yun ay isang batas. Kinokontrol ng grabitasyon ang tubig.

24 Ang araw, ay kinokontrol ng—ng . . . o ang mundo, ang ikot ng mundo. Hindi n'yo nga mapapagawa ang araw na gumawa ng isang bagay, tapos sasabihin, "Sa tingin ko gusto ko pang matulog ng mas mahaba pa. Manatili ka muna riyan ng isang oras." Hindi nga maaari, kita n'yo, dahil may batas. Kung kayo'y kikilos sa pamamagitan ng batas na 'yun, buweno, magiging maayos na ang lahat ng bagay. Kung matutulog ka sa oras, magigising ka sa oras. At kung kayo'y . . .

25 Katulad na lang na mayroon tayo nitong Lake Superior, Lake Ontario, Lake Huron, at lahat nitong Great Lakes sa dako rito sa itaas. Mayroon naman tayong sampung libong makalibo na hekta-hektaryang lupa doon sa Nevada, at California, at Arizona, at New Mexico, na tuyong-tuyo't, kailangan ng tubig na 'yun, para ang mga lupa na 'yun na makakapagpatubo ng kahit ano. Maaari mo ngang mapakain ang buong mundo, sa dako roon, kung mayroon lang kayo nitong tubig na 'yun, sa dako rito sa itaas, sa dako roon sa baba. At di nga nun alintana 'yun, dahil tinutustusan 'yun ng bukal. Sa sandali mismo na mababawasan 'yun, haya't natutustusan uli, dahil kinokontrol 'yun dun ng grabitasyon. Buweno, ngayon, kung makakakilos ka ayon sa batas ng grabitasyon, matitipon mo ang lahat ng mga Great Lakes na ito at matutubigan mo ang buong bansa sa dako roon, at mapapakain ang buong mundo, walang magugutom. Pero

hindi ka nga maaaring maupo lang dito at sasabihin, "Ganoon pala. Nakikita ko nga. Sige." Kinakailangan mo ngang gawin.

26 Buweno, ganoon din ito sa batas ng Diyos. Ang batas ng Diyos ay pananampalataya. At may taglay tayong pananampalataya rito, sa umagang ito, para pagalingin ang anumang karamdaman, o para gawin ang anumang bagay. Pero kinokontrol nga ito ng isang batas, at ang batas na 'yun ay pananampalataya. Ang batas ng Diyos ay pananampalataya. Ang sabi ni Jesus, "Anumang bagay ang naisin mo, sa pananalangin mo, kung makasasampalataya ka na tatanggapin mo ito, iyo itong makakamit." Hayan nga. Kaya, ang pananampalataya nga 'yun na kumokontrol dito, ang pananampalataya'y ibinibigay sa atin nang sadya mismo sa pangangailangan natin nito. Ngayon, kailangan nating . . . Nag-ukol ang Diyos sa ilan sa atin ng isang pananampalataya, isa ring pananampalataya para dun sa iba. Hindi nga ito kung anong magarbong sobrenatural na kapangyarihan na taglay n'yo. Dahil, kapag ikaw ay naging isang Cristiano, ikaw—ikaw ay may kapangyarihan na, pero kulang ka lang sa pananampalataya para paganahin ang kapangyarihan na 'yun.

27 Kaya ngayon, sa umagang ito, sa pagdulog n'yo rito para maipanalangin, alalahanin n'yo, sinabi ito ng Biblia. Totoo po ito. Santiago 5:14, "Kung mayroon sa inyo, na may sakit, ay ipatawag sa kanila ang mga matatanda sa iglesya. Sila'y pahiran ng langis, at sila'y ipanalangin. Ang pananalangin ng pananampalataya ay magliligtas sa mga may sakit, at ibabangon siya ng Diyos." Isa 'yang pangako, kung masasampalatayanan n'yo ito. Kaya naman, kita n'yo, ang kagalingan ay inilalaan sa indibiduwal.

28 Mangyari nga noong panahon ni Jesus na taga-Nazaret. Hindi Niya mapagaling ang mga tao laban sa kanilang—laban sa kanilang sariling pananampalataya. Ang sabi Niya, "Magagawa Ko, kung makasasampalataya ka. Kung sumasampalataya ka na Aking magagawa ito, Aking magagawa ito." Kung makasasampalataya ka!

29 Hayan nga, na may ilang tao na ibinabaling ang—ibinabaling ang kapangyarihan ng pagpapagaling sa kung sinong iba, sa mga ebanghelista. Hindi ganoon. Ang kapangyarihan ng pagpapagaling ay nasa inyo. Nasa inyo ito. Animo'y mas inilalagay nila ang karitela sa harapan ng kabayo. Walang kapangyarihan ang ebanghelista na makapagpagaling.

30 Ang Espiritu Santo ang may kapangyarihan para makapagpagaling, at kamit n'yo ang Espiritu Santo. Hayan nga ang munting punongkahoy na ikaw, at lahat ng mga bagay na kailangan mo ay nasa iyo. Kaya, kung magkagayon, ikaw ay sadyang umiinom lamang mula sa pangako ng Diyos, na sinasabi, "Ito ang katotohanan. Sinabi ng Diyos na pagagalingin

Niya ako. 'Sa pamamagitan ng Kanyang mga latay ay pinagaling ako.'" Hayan nga. Alam n'yo ba kung anong ibubunsod n'yo? Unti-unti kayong magtumulin tungo sa kagalingan, ganoon nga. Kita n'yo? At pagkatapos, makikita ng iba kung anong mayroon ka.

31 Kung ano ito'y, "Pananampalataya na kapanatagan ng mga bagay na hinihintay, ang katunayan ng mga bagay na hindi nakikita."

32 Maitatanim ko nga ang munting punongkahoy na 'yun doon. Hindi ko man nakikita ang mga mansanas, pero nandun na ang mga 'yun. Alam ng punongkahoy na 'yun dun na naroon na ang mga 'yun. Kaya sisimulan lang niya na uminom ng tubig, magtumulin at magtumulin, dahil alam niya, "Narito na ito sa akin. Palilitawin ko ito rito sa kaunting panahon. Bigyan n'yo lang ako nang kaunting panahon. Bigyan n'yo lang ako nang kaunting panahon." Patuloy sa pag-inom ng tubig. "Oo, alam ko na ang mga mansanas ay narito na sa akin. Ibubunga ko ang mga ito, sa ilang panahon." At malalaman n'yo na lang, heto na ang mga ito. Heto na ang mga mansanas, dahil naniwala siya na ang mga 'yun ay naroon sa kanya.

33 At kung sasampalataya ka na ang kapangyarihan ng Espiritu Santo'y nariyan sa inyo, para pagalingin ka, hayan nga kayo. Patuloy lang na magtumulin. Kita n'yo? May pananampalataya kayo. Hindi n'yo man makita ang mga resulta agad-agad. Hindi n'yo man makita ito.

34 Ngayon, tingnan n'yo, isinaad ni Santiago na inaring-ganap si Abraham sa pamamagitan ng kanyang mga gawa. Isinaad naman ni Pablo na inaring-ganap si Abraham sa pamamagitan ng kanyang pananampalataya. Ano ngayon ang sasabihin natin, sa pagitan ng dalawang ito? Ipinapangusap ni Abraham ang tungkol sa. . . Ang ibig ko palang sabihin, ipinapangusap ni Pablo ang tungkol sa bagay na nakita ng Diyos kay Abraham. At ang ipinapangusap naman ni Santiago ay kung ano ang bagay na nakita ng mga tao kay Abraham. Kita n'yo? Ngayon, kita n'yo?

35 Kaya naman, alam na 'yun ng Diyos, bago pa dumating ang sanggol, na si Abraham ay may pananampalataya. At pinatunayan 'yun ni Abraham sa Diyos, sa pamamagitan ng gawa na parang (siya) ang sanggol na 'yun ay darating sa panahon gayong baog siya. Wala siyang mga anak. Patay naman ang sinapupunan ng kanyang asawang babae, at siya'y baog. Pero, sa kabila nun, alam niya, "Doon kung saanman ay ang sanggol." Kita n'yo, patuloy niyang iniinom ang pangako, nakasalig sa dakilang El-Shaddai ng Diyos, ang *Dibdib*. Nakasalig dun, habang umiinom, na alam mismo na ibibigay 'yun sa kanya ng Diyos; alam na 'yun ang pangako, at kailangan mismo na ipangyari Niya 'yun.

36 At tayo'y mga anak ni Abraham. Kaya sumalig tayo sa Kanyang pangako, at manghawakan dun, na nalalaman na gagawin 'yun ng Diyos. Kanya mismong sinabi ito. Sinasampalatayanan n'yo na ba ngayon? [Sinasabi ng kongregasyon, "Amen."—Pat.]

37 Kung ganoon ay papilahin n'yo ang mga maysakit dito sa isa sa mga gilid dito o sa kabila, na mga nagnanais na maipanalangin. At sige't palapitin lang natin ang matanda sa iglesya rito at pahiran ang mga tao ng langis, ipapanalangin ko sila, at sasampalataya tayo na pagagalingin ng Diyos ang bawat isa sa kanila. "Kung kayo'y makasasampalataya."

38 Teddy, nasaan ka? Umikot ka rito sa kanang-gawi. Sige't mainam. At nais kong tugtugin mo ang *Only Believe*.

39 At habang papalapit sila, atin lamang iyuko ang ating mga ulo, na mga iba pa sa mga tagapakinig, at tayo'y manatili mismo sa pananalangin para sa mga tao rito na lalapit dito.

40 Makalangit naming Ama, dinadala namin sa Iyo, sa umagang ito, sa Pangalan ni Jesus Cristo, ang mga aba't, may sakit, na nagdurusang sangkatauhan na ito na nasadlak na terible't, mapaminsalang kalagayan. Sumasampalataya ako sa Iyo, Panginoon. Alam ko—alam ko na ang Iyong mga Salita ay totoo. Ang mga ito'y totoong-totoo! Hinding-hindi mabibigo ang mga ito, dahil ang mga Ito ay Walang Hanggan at panghabang-panahon na Salita ng Diyos. Ang mga Ito'y sukdulan ang kapangyarihan, kung papaanong ganoon mismo ang Diyos, dahil ang mga Ito'y bahagi Niya. "Nang pasimula ay ang Salita, at ang Salita ay sumasa Diyos, at ang Salita ay Diyos. At ang Salita'y nagsalaman at nanahan sa kalagitnaan namin." Ngayon, sinasampalatayanan namin 'yan, Panginoon, nang buong puso namin, nang buong kaluluwa namin, nang lahat-lahat na nasa kaibuturan namin. Sumasampalataya kami rito.

41 At sinikap ko, sa isang simple't, mala-musmos na paraan, na ipresenta ito sa mga tao, nang sa gayon ay maunawaan nila at malaman na ang Kapangyarihan ng Diyos ay nariyan sa loob nila. Kung makasasampalataya lamang sila at susunod sa mga atas ng Diyos!

42 Sa ganoong paraan nga sila naligtas. Lumapit sila't nagsisi sa kanilang mga kasalanan, at nabautismuhan sa Pangalan ni Jesus Cristo, batay sa Bibliang ito, Mga Gawa 2. At pagkatapos ang sinabi ni Pedro, na, "Tatanggapin ninyo ang kaloob ng Espiritu Santo." At heto na nga Ito na dumating, nang eksakto mismo, dahil Ito'y Salita ng Diyos na nagkaroon ng kahayagan.

43 Buweno, ngayon, ang ganoon ding bagay, Ama, ay nalalaman namin na totoo, kapag nagpapahid kami ng langis sa mga maysakit, at ipinapanalangin sila. "Ang pananalangin ng may pananampalataya ay magliligtas sa mga maysakit. Ibabangon sila ng Diyos." Diyos, nawa'y ang bawat isa sa pag-alis nila

mula sa altar na ito, na mga nasa buong dako sa umagang ito, ay masiyahan nang lubos at magalak, sa pagkakaalam na pinagaling na sila ng Diyos. "Humayo, at maging magaling na." Dahil itinatagubilin namin sila sa Iyo ngayon, sa Pangalan ni Jesus Cristo.

44 At nawa ang bawat isa'y gumaling, at mahagip ang pangitain, kung ano ang ibig sabihin nito, katulad ni Abraham, na itinuturing ang mga bagay na 'yun na wala pa na tila nariyan na, kahit na ano pa ang maging resulta, haya't wala 'yung kinalaman sa pananampalataya. Walang kinalaman ang mga resulta. Hinawakan na ito ng pananampalataya. "At ang pananampalataya ay siyang kapanatagan ng mga bagay na hinihintay, at ang katunayan ng mga bagay na hindi nakikita." Diyos, nawa'y tumimo ito nang malalim sa kanilang mga puso, dahil kailangan Ka nila.

45 Ako'y humahayo bilang Iyong mapagpakumbabang lingkod, na tatayo rito kasama ang iba pang mga lingkod, at mananalangin sa Diyos na isapuso ang kapakanan ng mga taong ito na may sakit. Hinihiling namin ito sa Pangalan ni Jesus. Amen.

46 May nakapagsabi na si Kapatid na Estle Beeler ay nasa loob daw ng gusali. At sa palagay ko'y may isa pang ministro rito, na nanguna sa panalangin, ngayong umaga. Mangyari po na hinihiling namin sa lahat ng mga ministro rito, anuman sila, na sige po't pumarito at tumayo sa palibot ng altar kasama namin, nang pansumandali, kaunting sandali lang, kung mamarapatin n'yo, mga kapatid. At ang kalalakihan. . .Kapatid na Ben, salamat. Pumarito lang at tumayo sa palibot dito, sa palibot ng altar dito, nang sa gayon ay makapanalangin tayo kasama ang mga tao rito, na patungan sila ng mga kamay.

47 Ngayon, habang tinutugtog nila ang awit. At heto po ang mga ministro na pumupuwesto na sila rito, para kami, ang bawat isa, ay makapagpatong ng mga kamay sa mga maysakit.

48 Tingnan natin, pababa galing sa bundok na 'yun sa ibayo. May nakikita akong Lalaki na parating, na hindi nga iba sa sinupamang ibang lalaki. Isa lamang Siyang ordinaryong Lalaki, medyo maliit ang pangangatawan, mistulang mahina. At nakikita natin Siya na tumingin, na ang Kanyang mga mata'y nakatingin sa isang—isang eksena na nangyayari doon sa ibaba ng lambak. Ang mga alagad nga Niya. May isang batang lalaki sila roon, na may epilepsy, at hindi nga maikakatwa na haya't sinasabi nila, "Pagalingin Mo po siya, Panginoon! Pagalingin siya!"

49 Pero, kita n'yo, 'yung pagsasabi lamang ng, "Pagalingin Mo po siya, pagalingin siya," ay wala ngang maibubunsod na kung ano. Hindi nga 'yun uubra. Kinakailangan talaga na may kung anong bagay sa likod nung, "Pagalingin Mo po siya, Panginoon,

pagalingin Mo siya." Kita n'yo? At kung maibubunsod ko kayo na manampalataya roon, at sampalatayanan 'yun nang buong puso n'yo, kayo'y gagaling, kung maibubunsod ko kayo na makita talaga ang pangitain.

50 Ngayon tingnan n'yo, ang mga alagad na 'yun ay nakatayo roon, marahil inaaligaga siya, marahil inuudyukan siya nang husto, "Sampalatayanan mo ito, Kapatid! Sampalatayanan mo ito! Hallelujah! Sampalatayanan mo ito! Pagalingin Mo po siya, Panginoon! Pagalingin Mo siya!" Pero nanatili roon ang diyablo, dahil hindi siya makasumpong ng sapat na pananampalataya roon para mapalayas siya.

51 Pero heto ang Isa na pababa mula sa burol. At pagkakilala't pagkakilala ng diyablo na 'yung isa na Iyon ay medyo iba kay sa ibang kalalakihan na 'yun! Kita n'yo?

52 Ngayon, ganoong uri ng kalalakihan ang nais natin na dapat naroon, gaya ng Panginoon nating Jesus. Siyanga. Na hindi lang dadako roon para magpakitang-gilas, pero dadako riyan, na iniibig ang ating Diyos, na may pagkabatid na inatasan tayo na humayo para gawin ito. Ito ang atas sa atin.

53 Pagkatapos, noong lumakad Siya papalapit sa tatay, sa palagay ko dito hinango ang sinulat na kantang 'yun, sinulat ng Salita, ang sabi ng lalaki, "Panginoon, kahabagan Mo ang aking anak, dahil siya'y pinahihirapang sari-sari ng diyablo." Sabi, "Ibinubunsod siya na tumalon sa apoy, at nanghihina siya, at kung ano pa." Sabi ng lalaki, "Dinala ko ang bata sa Iyong mga alagad, pero hindi nila mapagaling ang bata. Pero naisip ko—naisip ko—naisip ko . . . "

54 Sabi Niya, "Magagawa Ko, kung sasampalataya ka. Ngayon, may Kapangyarihan Ako sa loob Ko," sabi Niya, "para gawin ito, kung makasasampalataya ka rito."

55 Gagawain ba ng Diyos na 'yung mga tao na tadtad-ng-kanser na nakaupo rito sa umagang ito, na nararatay na lang, nararatay sa banig na may kanser, at leukemia, may sakit, may dalamhati, na pagagalingin sila ng Diyos at tapos lalampasan ka lang? Hindi malamang. Hindi. Kita n'yo? Ngayon, hindi Siya nabibigo. "Magagawa Ko, kung sasampalataya ka." Anong sinabi Niya?

For all things are possible, only . . .

Ngayon, Kapatid na Tyler, pumarito ka . . .?. . .

Now just only believe, only believe,

56 Ngayon, habang nananalangin ako, nais kong ipatong n'yo ang inyong mga kamay sa mga tao. Anuman ang pangangailangan nila, . . .?. . . at papuntahin lamang sa pila.

57 Kapatid na Neville, pahiran mo sila ng langis, at ang mga kapatid . . .?. . .

58 Nais kong ang lahat, na mga tagapakinig, habang nakayuko ang ulo n'yo ngayon. Ang lahat ay taimtim na manalangin.

Only . . .

59 Panginoon, Ikaw po'y mahabag, 'yan ang dalangin ko, at pagalingin Mo ang mga taong ito, sa pamamagitan ng Pangalan ni Jesus Cristo. Amen.

Sa Pangalan ni Jesus ng Nazaret . . .?. . . [Blangkong bahagi sa teyp—Pat.]

60 Napakarami, sa pila, tinitingnan-tingnan ko sila, para makita kung ano ang magiging reaksyon nila, makita kung ano ang magiging reaksyon nila sa isang aksyon. Kita n'yo? May bagay nga mismo na tinatawag na aksyon, sila'y tumayo at lumapit dito sa harapan. Isa pang bagay, ay kung paano ang reaksyon nila sa aksyon na 'yun na ginawa nila. Matapos nilang makadako sa punto na makasampalataya na, 'yung, kapag sila'y ipanalangin, sila'y gagaling, hayan nga na tingnan mo ang reaksyon nila sa kanilang aksyon.

61 Ngayon, ang ating pastor ay may mabuting mensahe para sa atin, sigurado ako, sa umagang ito.

62 Isang bagay lang na nais kong banggitin sa sandaling ito, ay itong isang kabataang babae na Katoliko na nakatayo rito sa may altar. Ilang araw ang nakararaan siya'y nasa bahay ko, siya at ang asawa niyang lalaki. At kilala ko ang asawa niyang lalaki nang matagal na. At—at may kung anong bagay nga habang nakaupo kami para sa isang pribadong pakikipanayam.

63 Doon nga dumating ang pangitain na 'yun. Doon namin . . . Kadalasan ay dito ko sa simbahan ginagawa ito, pero abala ako noong umaga na 'yun, at kung ano pa. At kaya doon ko ginanap.

64 Wala akong sinabi na anuman, dahil siya'y kabataang babae lamang, at isa pa, Katolikong simbahan ang kinagisnan niya, at kung ano pa. Pero nagtungo nga siya roon para mangusap para sa kanyang nanay. At noong sandali na 'yun, nakakita ako ng isang pangitain ukol sa nanay niya. Sinaysay ko sa kanya kung ano ang suliranin sa nanay niya, at inilarawan ko siya, at kung ano ang itsura ng nanay niya. Hayan nga, na siya ang makapagsasabi, kung 'yun ba'y tama o hindi. Hindi ko pa nakikita ang nanay niya, sa buong buhay ko. Alam niya 'yan.

65 At ang babae, ngayong umaga, ay pumarito sa altar dito at tumayo, para magpatotoo, at tanggapin si Cristo bilang kanyang Tagapagligtas. Ginawa niya 'yan sa altar, ngayong umaga.

66 Si Kapatid na Neville, nang hindi ito nalalaman, ay pinahiran ang babae ng langis. Ganoon—ganoon na lamang kadakila ang pagkilos ng Diyos! Pinahiran ang babae ng langis, para sa may sakit. Pero tingnan n'yo ang kilos ng Espiritu Santo. Ngayon, yamang siya'y pinahiran, hindi naman talaga ang may sakit, pero pinahiran. Pero papaano nga nun ibinunsod na ang

lahat ay kumilos nang tama? Nakatayo siya rito ngayon na isang Cristiano na, matapos na siya'y maging isa na pinaniniwalaan natin na isang Cristiano na. Ngayon, ang sabi niya, "Maaari ka bang manalangin para sa aking nanay? May sakit po siya." Yun din ang isang 'yun. Kaya ang pamahid na langis ay ipinahid nang mas maaga.

67 Sa isip-isip ko, angkop na angkop talaga, na, kita n'yo, para sa isang tao na bago lamang naligtas. Si Cristo'y tumayo para sa ating lahat. Siya'y nakatayo para sa lahat. At noong sandali mismo na ang kabataang babaing ito'y naging isang Cristiano, pagkatapos nga'y nagnais siya na tumayo para sa kapakanan ng iba pa, hayan nga, na ipinapakita na ang Espiritu ni Cristo'y dumarating sa loob natin kapag tayo'y ligtas na talaga. Ngayon, napakainam po nun. Akin—akin ngang tunay na ikinalulugod 'yan, 'yang mainam na Cristianong espiritu ng pananampalataya. Ngayon, alalahanin n'yo mismo.

68 Ngayon, sa kabataang babae na ito, narito siya sa kung saan, at patungo naman sa isa pang kabataang babae na Katoliko na dumating. At nais kong sabihin ang ilang mga salita na ito, bago ko lamang ibigay ang gawain sa ating pastor, kita n'yo, heto po:

69 Ngayon, ang iglesyang Katoliko ay minsan ding naging katulad ng iglesyang ito. Kung babalikan n'yo at babasahin ang Biblia, na sinasamplatayanan natin, haya't alam n'yo nga na ang iglesyang Katoliko ang unang Iglesya. Totoo 'yan. Pero ito nga'y lumayo sa mga Katuruan Nito. *Ito* ang katuruan ng iglesyang Katoliko. Pero, kita n'yo, may animnaraan at kung ilan pa na ibang mga libro na isinulat ng mga papa at ng iba pa, na kasing banal raw ng Bibliang ito para sa kanila.

70 Kaya, kita n'yo, kung ano ito, hindi ka naman iniba. Ang bagay na ginawa mo, ay ikaw lamang ay binago. Kita n'yo? Ngayon kung kukunin n'yo . . . Hayan nga, sa palagay ko marahil ang ilan sa inyo, silang dalawa, sa umagang ito, ay kababaihan. Marahil may mga Katolikong kalalakihan din na nakaupo rito.

71 Kung babalikan n'yo ang kasaysayan ng iglesya, kung tatanungin n'yo ang inyong pari, "Ang gawa ng mga alagad sa Biblia rito, ay sa kaparaanan na . . . Yun ba'y ang mga sinaunang mga Katoliko?" Sasabihin niya, "Oo." At totoo 'yun. Sila nga. Ngayon, sila, tingnan n'yo kung anong uri ng relihiyon ang mayroon sila noon. Nagtitipon sila sa maliit, na simpleng lugar. Hindi sila umuusal ng, "mga Aba Ginoong Maria" o "mga Ama Namin." Tradisyon 'yan ng simbahan. Ano ang sinasabi nila noon? Sila'y nagpupuri sa Diyos. Sila'y humihiyaw. Sila'y umiiyak.

72 Tingnan n'yo rito sa Mga Gawa 2, noong ang banal na Apostol Pedro, at Santiago, at Juan, at lahat sila'y sama-sama. Ang sabi ng Biblia nagsalita sila sa iba't ibang wika. At sumigaw sila, at kumilos na talagang—talagang puspos ng Espiritu na

haya't umakto sila na tila lasing, na anupa't ang mundo sa labas ay nagtatanong, "Hindi baga't ang lahat ng mga ito'y mga lasing?"

73 At pagkatapos si Pedro, na alagad, ang banal na San Pedro, noong tumayo siya, haya't ang sabi niya, "Mga kalalakihan at mga kapatid, ang mga kalalakihang ito'y hindi lasing, anupa't puspos sila ng Espiritu," gaya ng—gaya ng pagkakasabi ng Biblia na sila nga. Ngayon, ganoon nga raw ang sinaunang iglesyang Katoliko, ayon sa kanilang katuruan.

74 Ngayon, kita n'yo, makalipas ang halos dalawang daang taon, ang mga tanyag na tao ay nagsimulang pumasok sa iglesya. Pagkatapos anong ginawa nila? Binuo nila ang unang organisasyon doon sa Konseho ng Nicea, A.D. 606. Ginawa nila ang kanilang. . .Noong ganapin ang Konseho ng Nicea doon sa Nicea, Roma, simula nga 'yun na pinapasok nila ang lahat ng mga bantog na kapita-pitagan, at sila'y *bumuo* mismo ng isang iglesya, at *gumawa* ng isang iglesya.

75 Pagkatapos nun, nabuwag 'yun nang apat o limang beses. Umusad sila—umusad sila mula sa ganoon, patungo sa obispo; mula sa obispo, patungo sa isang papa. At mula roon, lumitaw ang Griyegong Orthodox at iba't iba pa, hanggang sa mahati nang mahati, sa punto na nakikita n'yo ito ngayon. Nabuwag nang nabuwag mismo.

76 Pero ano 'yang sinisikap naming gawin, kaibigan kong Katoliko. . .Kita n'yo, kami'y mga Katoliko, rin, kami ang sinaunang, pagsisismula na Katoliko. At ang iglesya na tawag nila sa amin ngayon, kadalasan, kami'y tinatawag na Pentecostal, dahil naniniwala kami sa Pentecostal na biyaya.

77 Diyan naorganisa ang iglesyang Katoliko. At sa ating mga organisasyong Pentecostal, ngayon, kung—kung ang mundong ito'y tatagal pa nang limangdaang taon, ang Pentecostal na organisasyon na ito'y magiging mas pormal kaysa sa iglesya ng Romano Katoliko ngayon. Palayo na nga nang palayo mismo, sa ganoon ding paraan. At noong sila'y mag-organisa, nagbunsod sila ng kapisanan mula rito. At naging kapi-kapisanan na lang, at pagmimiyembro, at mga kaluluwa na hindi naman mga nabago.

78 Sa kalugud-lugod kong, minamahal na mga kapatid na lalaki't mga kapatid na babae, sa lahat sa inyo. Bilang isang lingkod ng Diyos, hindi ko pa ito nasasabi noon, sa sanlibutan, sa iglesyang ito, haya't di ko pa nasasabi ito. Pero bilang isang propeta ng Panginoon, sinasabi ko sa inyo, "Ito ang Liwanag. Lakaran n'yo Ito."

*PANANAMPALATAYA* TAG61-0813
(Faith)

Ang Mensaheng ito ni Kapatid na William Marrion Branham, na orihinal na ipinangaral sa Ingles noong Linggo ng umaga, Agosto 13, 1961, sa Branham Tabernacle sa Jeffersonville, Indiana, U.S.A., ay hinango mula sa magnetikong teyp rekording at inilimbag na walang pagbabago sa Ingles. Itong Tagalog na salin ay inilathala at ipinamamahagi ng Voice of God Recordings.

TAGALOG

©2022 VGR, ALL RIGHTS RESERVED

VOICE OF GOD RECORDINGS
P.O. BOX 950, JEFFERSONVILLE, INDIANA 47131 U.S.A.
www.branham.org

## Abiso Ukol Sa Karapatang Maglathala

Ang lahat ng karapatang maglathala ay saklaw ng may-ari lamang. Ang aklat na ito ay maaaring i-print sa home printer para sa personal na gamit o maipamahagi sa iba, nang walang bayad, upang magamit sa pagpapalaganap ng Ebanghelyo ni Jesus Cristo. Ang aklat na ito ay hindi maaaring ibenta, kopyahin nang maramihan, i-post sa website, i-store sa retrieval system, isalin sa ibang wika, o gamitin upang manghingi ng pondo nang walang inilalabas na kasulatang nagpapahintulot galing sa Voice Of God Recordings®.

Para sa karagdagang impormasyon o para sa iba pang ipinamamahaging materyales, kontakin lamang ang:



VOICE OF GOD RECORDINGS
P.O. BOX 950, JEFFERSONVILLE, INDIANA 47131 U.S.A.
www.branham.org